



East 11th Redevelopment: Papel ng Impormasyon

Bisyon ng Proyekto

Ang Coast Mental Health ay ginagabayan ng paniniwala na ang kalusugang pangkaisipan ay hinuhubog ng matatag na pabahay, mga makabuluhang koneksyon, at mga sumusuportang kapaligiran. Ang muling pagpapaunlad ng East 11th ay tungkol sa paglikha ng isang lugar kung saan ang mga tao mula sa lahat ng antas ng pamumuhay ay maaaring makaramdam na sila ay ligtas, suportado, at bahagi ng isang komunidad. Sa puso ng proyekto ay isang simpleng paniniwala: ang matatag na pabahay ay pundasyon ng mabuting kalusugang pangkaisipan at kagalingan. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga abot-kayang tahanan at mga suporta sa lugar at mga espasyo sa komunidad, ang East 11th ay idinisenyo upang tulungan ang mga tao na bumuo ng katatagan, koneksyon, at pakiramdam ng pagiging kabilang.

Ang Maihahatid ng Proyektong Ito

Ang muling pagpapaunlad ng East 11th ay pinagsasama-sama ang pabahay, mga serbisyo, at imprastruktura sa komunidad upang magbigay ng maagang tugon sa ugat ng sanhi ng mga magkakaugnay na hamon sa abot-kayang pabahay, kalusugang pangkaisipan, at katatagan ng komunidad. Kasama sa iminungkahing proyekto ang:

- **370 paupahang bahay na hindi pang-merkado** ang maihahatid sa pamamagitan ng isang modelo para sa iba't ibang antas ng kita
- **15-20 bahay na may 24/7** na mga serbisyong pangsuporta
- **Pinalawak na kagalingan sa pag-iisip at mga serbisyo sa komunidad**
- **Isang bagong Community Health Center**, sa tabi ng espasyong pangkomersyo at pang-employo
- **Isang napatunayan at pinagsamang modelo ng pangangalagang nakabatay sa komunidad**

Timeline ng Proyekto

- **Pagbabago ng zoning at pakikipag-ugnayan sa publiko:** Kalagitnaan ng 2026 hanggang unang bahagi ng 2027
- **Konstruksiyon:** Simula sa 2028
- **Inaasahang pagkumpleto ng proyekto at paunang pagpapaupa:** 2031

Ang Programa: Sama-samang Paghahatid ng mga Pangmatagalang Resulta

Ang proyektong East 11th ay isang minsanang pagkakataon sa bawat henerasyon upang muling isipin kung paano maaaring magtulongan ang pabahay, pangangalagang pangkalusugan ng isip, at mga espasyo sa komunidad. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga tahanan at serbisyo sa iisang pinagsamang kampus, sinusupportahan ng proyekto ang pag-iingat, maagang pagtugon, at koneksyon, na binabawasan ang pag-asa sa mga tugong nakabatay sa krisis at pinagagaan ang presyon sa mga pampublikong sistema at pinalalakas ang pangmatagalang kagalingan.

Ang Maidudulot ng Proyektong Ito para sa mga Tao at Komunidad


Ang muling pagpapaunlad ng East 11th ay magtatatag ng isang inklusibo, may magkakahalang antas ng kita na komunidad na sumusuporta sa katatagan, pagbangon, at kagalingan. Maghahatid ito ng mga tahanan para sa mga senior citizen, pamilya, mga taong may kapansanan, mga taong nasa proseso ng pagpapagaling, at mga nagtatrabahong propesyonal, kasama ang iba pang may mababa o katamtamang kita. Ang disenyong pinag-isipan nang mabuti, mga pinagsasaluhang pasilidad, at akses sa pangangalaga ay naglalayong bawasan ang pagkakahilaw at stigma, habang pinalalakas ang mga koneksyon sa mga residente. Ang resulta ay isang mahalagang yaman na kapwa pakikinabangan ng mga residente at ng mas malawak na komunidad.

Isang Kampus na Nakatuon sa Komunidad sa Mount Pleasant

Ang proyektong East 11th ay higit pa sa pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay. Binabago nito ang punong-tanggapan ng Coast Mental Health tungo sa isang kampus na nakatuon sa komunidad sa Mount Pleasant, na nakabatay sa mahigit 50 taong operasyon at pag-aambag ng Coast sa lokal na komunidad.



Biswal ng iminungkahing muling pagpapaunlad ng lugar ng Coast Mental Health sa 259-293 East 11th Avenue at 216 Kingsway



Pangkalahatang-ideya ng mga espasyo sa loob ng gusali

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Para sa mga pangkalahatang katanungan:
east11redevelopment@coastmentalhealth.com



I-scan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa East 11th Redevelopment